



Pat Sampan's Oral History
Original Transcription

Oral History Project

Interviewee: Pat Sampan
Interviewer: Christine Sumog-oy
Date: 6 April 2017

Magandang hapon. Nanay Pat, kamusta po kayo ngayon?

Sa awa ng Diyos, ok pa naman.

Maaari po ba ninyong ipakilala ang inyong sarili?

Ang original kong pinanggalingan ay Hinunangan, Southern Leyte. Pero nung magbagyo ng Yolanda, nasira ang mga kabuhayan namin. Yung mga palayan namin, nilamon ng putik. Kaya mahirap ang pamumuhay duon. Nahinto ako sa pag-aaral. Kaya nagpa-Manila ako. Hindi man ako nakatapos ng pag-aaral. Kaya nagtrabaho ako bilang kasambahay sa Manila. Trabaho sa bahay. Pero hindi ako nagtagal. Kasi may kaibigan akong nagpunta duon. Kasi studio yun. Pinagmamay-arian ng pinsan ko. Nabalitaan ko na nasa Subic, sa loob ng base, mayroong mga pamilya ng Amerikano, na nangangailangan ng katulong. Kaya sumama ako. At duon ako nagtagal.

Hanggang yung mga anak ko nagsi-asawa na. At yung bunso kong anak, nagka-asawa ng US army. At nagkatoon nuong pagputok ng Pinatubo, diba maraming nasira nuon, pinauwi ang mga Amerikano dito sa Amerika. Nagkataon na napasama ako sa kanila. Umalis ang mga Amerikano. Kami ng anak ko na babae ay nag-eroplano. Sila ay sumakay sa barko ng Army.

Hindi ko matandaan masyado kung anong hirap yung dinanas ng mga naapektuhan ng putok ng Pinatubo. Ang natandaan ko ay yung bahay ko sa Subic ay na-lugmok o nasira ang bubong hanggang hindi na pwede matirhan.

Nung nagtrabaho po kayo sa Subic para sa mga US army, kamusta naman po ang buhay ninyo duon?

Nakaranas kami ng ginhawa. Mababait ang mga amo ko. Wala akong among hindi officer. Yung natagalan ko, yung matagal akong nagtrabaho, ay kay Lt Commander Nichols na taga Rhode Island. Kasi may anak na maliit. Ako ang nag-alaga. Alam mo naman ang kaya nating Pilipina. Mag-alaga ng bata. Lahat sa gawaing bahay. Laundry. Maglinis. Kaya ako nagtagal sa kanila. At gusto nilang madala ako dito sa States. Nagpunta na kami ng Embassy, pero hindi man sila pinayagan na magdala ng katulong. So hindi ako nakasama nuon. Pero ang kabutihan ay yung



Pat Sampan's Oral History Original Transcription

kahalili nila, ang nirekomenda ay ako. So hindi na ako mula noon naghanap ng ibang trabaho. Kasi ang darating na kapalit, ay nirekomenda din ako. Kaya nagtagal ako sa mga pamilya ng mga Amerikano.

So nabanggit po ninyo na isa sa mga anak ninyo ay nakapag-asawa ng sundalo. At dinala po niya kayo dito sa US, pwede po ba ninyong ikwento kung anong naging karanasan ninyo nuong mga panahon na yun. Ano pong naramdaman ninyo o imahinasyon o expectations ninyo tungkol sa US.

Ang alam ko, maganda ang buhay dito sa Amerika. Kaya nuon pa, gusto kong pumunta dito. Gusto ko na dalhin ako ng mga amo ko dito. Pero hindi sila pinayagan. Emergency ang pagpunta namin dito. Yung pagputok ng Pinatubo. Dahil sa ang anak ko ay naka-asawa ng US Army. Nasa puder nila ako. Wala pa man akong binantayan na bata. Swerte ko lang talaga madala. So, eto pagdating ko dyan sa Kansas, ang daming trabaho dito nuon.

Maalala po ba ninyo kung anong taon kayong pumunta dito sa US at ano yung mga una ninyo nakita o naranasan dito.

1991. Dito ako nagtrabaho. Dalawa-dalawang trabaho. Sa umaga sa nursing home. At pagka-alas-kuwatro, nagtatrabaho ako sa isang restaurant, sa Pan De Rosa. Hanggang mag-closing, sa kusina rin ako na-assign.

Bakit po ninyo kinailangang magtrabaho ng doble-doble?

Dahil ang naiwan kong pamilya sa Subic, dalawa ang nursing ko noong mga apo. Napaaral ko sila hanggang second year nursing. Pero sinayang nila ang oportunidad. Kasi nagsi-asawa. Kaya ngayon, hanggang second year nursing lang sila.

Ilan po ang anak ninyo? Nasaan po sila ngayon?

Apat sila. Yung unang tatlo, ay mula sa unang asawa ko. Namatay ang asawa ko. Kaya nagbalik ako sa pag-aaral. Kasi second year rin ako sa college. Kaya nagpunta ako sa Tacloban. Wala naman kasing college sa Hinunangan. May kapatid ako sa Tacloban na pwede kong matirhan. Gusto kong tapusin ang pag-aaral ko. Pero hindi ko natapos kasi ni-rape ako sa bahay. Nung gabi na natutulog na kami. Masakit alalahanin. May tao na kalaban pala ng kapatid ko. Kaso ang kapatid ko, walang makakaya na manu-mano, na isa-isa lang. Kasi flyweight champion yun ng boxing. Kung maalala ninyo ang pangalan niya ay Young Tony.



Pat Sampan's Oral History
Original Transcription

Ano po ang naging impact nitong pangyayari sa buhay ninyo?

Yung bata na yun. Kasi nung nag-asawa ako, sampung taon na akong hindi nakapanganak. Araw-araw nagpipray ako, na magka-anak. Nagkaroon ako ng tatlong anak. Hanggang mamatay ang asawa ko. Kasi nadisgrasya sya. Pero hindi yun ang nagpa-hinto ng mga kasawian ko. Ang dahilan... masakit sa akin. Hindi dahilan na lugmok ako, nawala ang mga pangarap ko. Sa awa ng Diyos, nakabangon ako.

Ano po ang naging source of strength ninyo sa pagpatuloy ng buhay nung nawala po ang asawa ninyo? Saan po kayo kumuha ng lakas at suporta?

Itong kapatid ko na boksingero, magkadikit kami. Kahit nung nasa Manila sya, pinapunta nya ako. Kaya nung nasa Tacloban sya, pinapunta nya ako. Naisipan ko na ipagpatuloy ang pag-aaral ko kasi second year sa college ako nuon. Nang gabi na yun, wala man akong malay na nadisgrasya ako. Tinakpan man ako. May tinakip sa akin na isang panyo. Kaya umaga na ng malaman ko na marumi ako. At may nangyari sa akin na masama. Bakit kaya nagbunga na wala man akong malay? Ng ginawa ng kahayupan na ginawa niya sa akin. Pero hindi ko pumayag ng ipalaglag. Ang sister-in-law ko, nagtrabaho sa pharmacist. Binigyan nya ako ng gamot na ipainom. Kasi napapansin ako, inaantok ako sa klase. Buntis na pala ako nuon. Pero gusto nila ipalaglag yung bata. Pero hindi ako pumayag. Sabi ko, malaking kasalanan yun sa Panginoon. Bakit kaya binigyan nya pa ako ng anak. Wala na akong asawa. May tatlong anak na ako. Nung unang humihingi na ako, wala pa akong anak. Pero nung may tatlo na ako, hindi ko na kailangan. Kaya bakit pa nangyari pa ito. Siguro may dahilan na hindi ko alam. Sinakripisyo ko. Umalis ako. Umuwi ako sa Hinunangan. Kasi sa Tacloban ito nangyari. Ayaw kong masaksihan ang paghiganti ng kapatid ko sa ginawa sa akin na kahayupan. Pero walang nagawa ang kapatid ko. Pinagtulungan ng anim na tao. Alam ninyo naman sa Waray. Mga patalim. Hindi sila gumamit ng baril. Kundi mga patalim. Pinagtulung-tulungan. Anim katao yung pumatay sa kapatid ko. Kaya namatay siya ng dahil sa akin. Kay kung isa lang, mano-manong isa, hindi matalo ang kapatid ko. Pinagchampion flyweight pa sya. Umuwi ako sa nanay ko sa Hinunangan.

Malaki po ang paghanga ko sa inyo Nanay Pat. Mahirap man ang naging karanasan mo. Pinaglaman mo na mabuhay ang anak mo. Isang matapang yun na pagdesisyon.

Sinakripisyo ko talaga ang pagpapalaki sa bata. Kasi nung umuwi ako sa nanay ko. Ang ibang ina, damayan ka, sa kahirapan o kasawian sa nadatnan mo sa buhay mo. Pero iba ang nanay ko. Pinalayas ako. Kasi pinapaaral daw. Tapos naglandi lang. Hindi maniwala sa katotohanan. Na hindi ko sadya. Hindi maniwala sa katotohanan na pinagsamantalahan ako. So buntis ako, nagpunta ako ng Davao. Walang tiyak na patutunguhan sa buhay ko. Pero may awa ang Diyos. Napadpad ako sa Compostela Valley. Duon nakita ko na may pinsan ang tatay ko na may abaca



Pat Sampan's Oral History
Original Transcription

plantation. At kailangan niya ang katulong sa bahay. Kasi marami syang trabahador. So habang nag-antay ako sa siyam na buwan na iluwal ko ang anak ko. Pumasok ako bilang katulong. Mabait naman ang asawa ng tiyuhin ko. Ng oras na manganganak na ako. Hinatid ako sa ospital. Sa City ng Davao. Duon ako nanganak. Nuong panahon ng kaya ko ng bumiyaha, umuwi na ako sa Hinanungan.

Noong una po ninyong nakita ang anak ninyo, ano pong naramdaman ninyo? Yung pagluwal ninyo ng bata?

May halong tuwa, at may halong kaba. Mahirap intindihin ang naramdaman ko nuon. Kaya ko bang buhayin ito?

Nasaan na po siya ngayon?

Pasalamat ako na hindi ako pumayag na ilaglag. Dahil kung nilaglag ko, hindi ako makarating ng Amerika.

Ah siya po ang nagdala sa inyo dito sa Amerika?

Siya ang nagdala sa akin dito.

Alam po ba niya ang nangyari sa inyo?

Alam naman niya ang nangyari sa akin, dahil sa kwento ko. Ang ganda niya, mestiza.

Ano po ba ang naging epekto nito sa kanya? Paano pong naging impact nito sa buhay niya?

Sinabihan ko sya. Kung gusto mong makita ang ama mo, hanapin mo. Hindi nya na kailangan. Noon pa, hindi pa sya nag-asawa. Sabi nya, hindi ko na kailangang makita. Hindi na sya interesado.

So siya po ang nagdala sa inyo?

Yun nga ang nangyari. Dahil duon sa emergency na Amerikano sa Subic na pinauwi dito.

Nuong nandito na po kayo sa Amerika, sabi nyo po doble doble ang trabaho ninyo, dahil may tatlo pa kayong ibang anak, at saka may mga apo na. Paano po ninyo madescribe ang kabuhayan ninyo dito sa US, kumpara sa Pilipinas?



Pat Sampan's Oral History
Original Transcription

Malayo. Sa Pilipinas, wala man tayong chance. Kulang yung oportunidad natin na mga walang kakayahan. Pero dito left and right talaga. Kung sipagin ka, kung masipag ka lang, hindi ka lang magtamad-tamad.

Ano pong naging trabaho ng anak ninyo dito?

Hindi sya nakatapos ng pag-aaral. Wala siyang trabaho. Iniwan nila ako diyan sa Kansas. Kasi ako ang nagtrabaho. Gusto niya siya ang magtrabaho at ako ang mag-alaga ng bata. Sabi ko hindi ko kaya, kasi tatlo yung alagaan. Kaya sabi ko, ako nalang ang magtrabaho. Hindi kami nagkasundo nung asawa niya, kasi nga gusto ko ako ang magtrabaho. Lumipat sila sa Dallas, Texas.

So naiwan po kayo sa Kansas?

Oo, kasi nga nagtrabaho nga ako, doble-dobleng trabaho.

So mula po nuon, ano po ang iba-ibang klaseng trabaho na ginawa ninyo?

Dahil wala nga akong tinapos na pinag-aralan. Walang iba. Bagsak ka as housegirl. Bahay talaga ang bagsak ko. Kaya narinig ko nuon, na dito sa Chicago, maraming Filipino, at maraming trabaho. Kaya mula nuon, naglakas-loob ako na pumunta dito.

Anong taon po?

Hindi ko na matandaan. Pero matagal na ako dito.

Nagkaroon po kayo ng iba-ibang employers?

Yung mamatay yung alaga ko dito sa Rockwell, nag-nursing home ako.

Ano pong maishishare ninyo na positive experience bilang isang caregiver?

Ang amo ko dito sa Rockwell, si Mrs Niff, may dalawang anak sila, mga lalaki. Mga binata. Si Nikki, tatlo sila, namatay man ang isa. Panganay at bunso ang natira. Mark ang bunso. Sa ngayon, balita ko nasa Lowell si Mark. Si Nikki, nasa Milwaukee. Hindi na kami nagka-close. Hindi ko na alam anong nangyayari sa kanila. Pero noong nag-alaga ako sa nanay nila. Napakabait ng magkapatid na ito. Hindi ka magtagal kung hindi mabait ang mga kasama mo sa bahay. Yan ang garantisado ko. Sa akin, napakabait nila. Dahil ako lang ang nagustuhan ng



Pat Sampan's Oral History
Original Transcription

nanay nila. Ang nanay nila, may Alzheimer. Kung ilang nag-alaga na, hindi makatagal. Bakit noong ako? Hanggang namatay sya, walong taon.

Bakit po kayo nagustuhan nung nanay nila? Ano po yung naging relasyon ninyo?

Siguro dahil sa mahabang pagpapasensya ko. Dahil kung may Alzheimer ang isang tao, yun pala parang isip-bata. Ang hirap alagaan.

So nagustuhan po ng client ninyo dahil napakita po ninyo na mahaba ang inyong pasensya.

Siya lang talaga ang asikasuhin. Ang upuan, may sandalan. Gusto na diyan ka lagi. Ayaw paiwan. Kung dalhin mo sa... may walker man... pero hindi nya kaya na siya lang... kaya alalayan mo talaga.

Sa lahat po ng naging karanasan ninyo bilang caregiver, ano po yung hindi ninyo nagustuhan? Ano po yung naging challenges ninyo bilang caregiver? Saan po kayo nahirapan? O hindi nagustuhan sa trabaho ninyo? O sa pagtrato sa inyo?

Nung namatay na ang client ko, lumipat na ako sa nursing home sa may Milwaukee at Devon. Noong nagtrabaho ako dito sa matanda, yung alaga ko, komportable ako. Kasi kami lang dalawa sa bahay. Kasi hindi man nakatira yung mga anak nila diyan. Pumupunta sila araw-araw. Pero hindi sila nakatira diyan. Kaya ako bahala sa pagluto at pagtulong sa matanda.

Kuntento po ba kayo sa sahod nila sa inyo?

Maliit lang ang sahod. Pero wala akong alam nuon.

Ano pong hindi ninyo alam nuon?

Yung minimum wage, hindi ko pa alam nuon. So kung ano lang ang ibigay sa akin, tinatanggap ko lang.

So nung panahon na iyon, tinatanggap mo lang kung ano yung ibigay sa inyo na pasahod, dahil hindi pa ninyo alam yung tungkol sa minimum wage.

Oo wala akong alam. Pero mabait sila.



Pat Sampan's Oral History
Original Transcription

Binibigyan po ba nila kayo ng pagkakataon na makapagpahinga.

Yan lang, mula nung nasa kanila ako, wala akong off. Kasi wala man akong ibang mapuntahan. Kaya nung minsan na binigyan ako ng bakasyon. Ng isang linggo. Sa tatlong magkapatid na rin sa States. Nasa suburb sila nakatira. Niyaya ako na magbakasyon. Kukuha lang sila ng kapalit. Isang linggo lang. Pumunta kami ng Las Vegas. Wala pang isang linggo, pinadalhan na ako ng telegram ng anak ng amo ko na bumalik na dahil hindi kaya ng relievers. Ako daw ang hinahanap ng nanay nila. Laging umiiyak. Ayaw kumain. Kaya bumalik agad ako. Lumipad akong mag-isa. Nung salubungin nila sa airport, kawawa yung matanda, yun na ang huling araw ng matanda. Sabi ko, Ma'am I'm home! Pero yun na, tumigil na sya sa paghinga. Sabi ko, bakit ninyo hindi siya dinala sa hospital. Ako pa ang tumawag sa ambulance. Hawak sya ng mahigpit ang client sa akin. Nakarating ng Swedish, pero hindi na umabot sa kama. Ako lang ang hinintay. Naghirap talaga sya. Gusto nya lang makabalik ako.

So yung trabaho niyo po bilang caregiver, nagiging close po kayo sa inaalagaan ninyo.

Oo, ayaw akong paalisin. Gusto nakadikit lagi sa akin. Ewan ko kung may makalampas pa sa sakripisyo at tiyaga ko.

Kelan po kayong huminto sa pagtatrabaho?

Kelan ba? After dito sa matanda, kinuha ako ni Josie. Nagtrabaho pa ako sa Markland. Laundry naman ako duon. Parang nursing home din. Pero hindi ako nag-alaga sa mga matanda. Nasa laundry ako. So yung katapusan kong alaga, yung dito lang talaga.

Gusto ko pong itanong, kelan niyo po unang nalaman yung tungkol sa Bill of Rights? Yung nagsasabi tungkol sa minimum wage...?

Ngayon lang, nung nakilala ko ang AFIRE.

Paano po ninyo nakilala ang AFIRE? Paano po kayo naimbitahan na sumali?

Through Sally Richmond. Magkapitbahay kasi kami. Apat na bahay. Kasama ko yung mga kaibigan ko sina Carlita Arquillano.

Ano pong natutunan ninyo sa pagsali ng AFIRE? Ano po yung mga nalaman ninyo?

Binigyan ng emphasis yung how to take care of yourself. Yung sa puso mo. Yung mga kinakain. Duon ako natuto. Una yun bago ang domestic workers.



Pat Sampan's Oral History
Original Transcription

Nakasali po kayo sa training ng Healthy Heart Healthy Family? May mga bago po kayong nakilala duon? Nagustuhan niyo ba ang training?

Oo, at na-i-apply ko sa sarili ko. Kung hindi ko yun natutunan, siguro wala na ako. Kaya na-appreciate ko yung mga natutunan ko.

Balita ko ay nakasama daw po kayo sa Springfield.

Yun ang unang tour ng AFIRE.

Pwede po ninyong ikwento kung ano ang karanasan ninyo duon?

Kung hindi ako nasama ng AFIRE noon, hindi ako makarating ng Springfield. Ilang taon na ako dito. Yun lang ang unang pagkakataon talaga na nakita ko ang Springfield. Nakaharap ko pa ang mga Senador. Tatlo lang yata kami ang nakapasok duon sa mga opisina ng mga Senador.

Ano pong ginawa ninyo doon sa mga opisina ng mga Senador?

May hinihiling kami tungkol sa Domestic Workers Bill of Rights. Isa ako sa nakapasok duon. Marami kami nasa bus pero hindi kami lahat makapasok.

Pinakinggan naman kayo ng mga Senador?

Nakuha man yun. Nag-guarantee.

Ang alam ko ilang beses din kayong bumalik sa Springfield.

Naka-ilang beses akong balik.

Nang dahil duon, nakatulong kayo sa pagkumbinsi sa kanila na maipasa yung bagong batas na tinatawag nating Domestic Workers Bill of Rights. Kasi nakita nila mismo na bilang isa kayo na nagtatrabaho as caregiver, at isa kayo sa nag-express ng inyong suporta.

Oo yung trabaho ko, pang-domestic talaga. Kasi hindi man nakatapos.

So ano pong masasabi ninyo sa Filipino community dito sa Chicago? May mga kaibigan po kayo dito, at may kakilala kayo dito. At bilang Filipino dito sa US, hindi rin madali, dahil under tayo ng pulisiya ng gobyerno ng US. Ano po ang tingin ninyo doon? Paano po ninyo



Pat Sampan's Oral History
Original Transcription

madescribe ang komunidad ng mga Filipino dito sa Chicago? Nagtutulungan po ba? Nagsasama-sama po ba? Ano ang karanasan ninyo?

Matagal na ako dito sa United States. Mula Kansas, hanggang Chicago. Marami akong nakikitang Pilipino. Pero wala akong ibang pinag-interesan na grupo. Kundi itong AFIRE. Dito sa AFIRE ko natutunan ang pagpapahalaga ng ating katawan, lalo na sa puso.

Masaya din po ang AFIRE na nakilala namin kayo. Nagsama-sama kayo ni Tita Sally noon. Isa po kayo sa pinapangalagahan ng AFIRE.

Oo ako lang ang babaeng nakalakad ng 2 miles. Hanggang downtown. Tapos another walk dito for 2 miles.

Kung may makausap po kayo ngayon na caregiver, ano po ang mensaheng gusto ninyong maiadvice sa kanya?

Yung mag-devote talaga. Yung ilaan mo talaga ang sarili mo sa trabaho mo. Yung iba kay hindi man mag-care. Kung makakain ba ang client. O kung ano man.

Huling tanong po. Sa lahat po ng naging experiences ninyo mula sa Pilipinas, Leyte, Tacloban, Davao, hanggang makarating po kayo dito sa US, ano po yung isang bagay na pinapasalamatan ninyo ngayon?

Pasalamat ako sa Diyos dahil binigyan ako ng lakas ng katawan na nagagamit ko sa trabaho ko dito. Binigyan ako ng pasensya. Mataas ang pasensya. Tiyaga. Yan lang ang puhunan natin magtrabaho. Pasensya at tiyaga.

May isa pa po akong tanong. Kasi na-mention po ninyo kanina. Nung ikumpara po ang buhay ninyo dito sa US at Pilipinas, nabanggit ninyo ang kaibahan na wala masyadong oportunidad duon sa Pilipinas para mag-unlad, whereas dito sa US, makakahanap at makakahanap tayo ng trabaho. Kung may mensahe kayo sa gobyerno ng Pilipinas, ano po yung magiging mensahe ninyo sa kanila, or request?

Hindi ko na alam ang patakaran ng gobyerno ng Pilipinas. Yung mapanood mo sa TFC. Iba rin ang pamamalakad ng Presidente.

Responsibilidad ba ng gobyerno ng Pilipinas na suportahan ang mga Pilipino hindi lang sa US kundi sa ibang bansa din?



Pat Sampan's Oral History
Original Transcription

Sa sarili kong opinyon, responsibilidad nila na tulungan ang Pilipinong nahihirapan. Pero isipin rin natin na sa Pilipinas ngayon, hirap na hirap ang mga tao. Panoorin mo sa TFC. Yung ibang Pilipino, na nakapunta na dito, kung saan-saan na nagtatrabaho, kaya pasalamat ako sa Diyos na dinala ako dito sa Amerika. Tignan mo. Araw-araw ako manood ng TFC. Ng news. Hirap na hirap ang mga tao sa atin. Ilang beses na yung tungkol sa drugs. Ilang beses na barilin, dahil sa utos ng Presidente ngayon. Barilin nalang sila. Pero nandyan pa rin. May Pilipino galing abroad, ang karga niya droga, ganun pa rin. Bakit hindi matigil talaga ang droga sa Pilipinas? Yan ang opinyon ko. Mabuti nalang, parang safe na ang mga Pilipino dito. Wala akong nalalaman na nagdadrugs sa atin dito.

Salamat po sa pag-share ng inyong story. At ng inyong experiences. Marami po akong natutunan. I really admire for your courage. Thank you for your trust.

Nakakahiya man. Pero yun ang nangyari sa akin.

Yung courage po ninyo ay nakaka-inspire sa maraming tao. Hindi po siya nakakahiya. Especially po na nagpatuloy po kayo sa pag-alaga ng inyong anak.

Yes, malakas talaga ang loob ko.

Maraming salamat po sa inyong pag-share.